Atin Ang Bukas: Pagdalumat sa Esensiya ng Kolektibong Pagboto ng Kabataan sa Harap ng mga Kontradiksiyon

Bagaman lagi tayong nasa panahon ng kawalang-katiyakan, mas kongkreto ngayon ang pakiramdam na ito. Mas malawak ang espasyong inookupa ng iba't ibang anyo ng dahas at pandarahas—marahang kumikilos ngunit tiyak na papalapit sa atin.

Nasa harap tayo ng pandaigdigang krisis dulot ng pandemya na anumang sandali ay maaaring umangkin ng buhay. Ilan kaya ang kinailangang magpaalam sa kanilang mga minamahal at malalapit na kaibigan simula noong nakalipas na taon? O ilan sa kanila ang nagawa ngang makapagpaalam?

Mas mabigat ngayon ang salitang *mag-ingat*. At para bang hindi pa sapat ang pandemya dahil tahasan tayong dinarahas ng kasalukuyang rehimen. Lantad ang kriminal na kapabayaan ng gobyerno mula sa nakahihilong tugon sa nararanasang krisis, paulit-ulit at paikot-ikot, hanggang sa pagsupil sa karapatan ng mamamayan, kritikal man o ordinaryong indibidwal, na para bang bala ang kanilang tanging ayuda.

Sa harap ng mga krontradiksiyong ito, sa mga sala-salabat na salungatan, ano ang esensiya ng pagboto nating mga kabataan sa nalalapit na pambansang eleksiyon?

Pagboto

Sa kasalukuyan, nasa 61 milyon na ang rehistradong botante para sa susunod na taon, ayon sa ulat ng Comelec. Noong halalan 2019, nasa 31 porsiyento naman ng mga botante ang kabilang sa sektor ng kabataan. Hindi na nakapagtatakang malaking bentaha ang boto natin sa mga nagnanais na maglingkod sa bayan.

Ngunit hindi tayo isang piyesa sa darating na eleksiyon dahil hindi laro ang ating pagboto. Kasinlaki ng numerong mayroon tayo ang tungkuling kaakibat nito. Higit sa anumang dahilan, ang ating pagpaparehistro at matalinong paghalal ng mga bagong pinuno ay pagtugon sa pagpapanatili ng ating demokrasya bilang bansa.

Malinaw na patunay ang kinahaharap nating krisis pangkalusugan, ang hindi makataong giyera kontra droga ni Duterte at ang patuloy na pasismo ng estado na anumang desisyon ng mga nasa kapangyarihan ay may malaking epekto sa mamamayan—hindi lamang ngayon kundi hanggang sa hinaharap.

Kaya naman ang ating pagboto ay porma ng reklamasyon nitong kapangyarihang pinahiram lamang natin sa kanila.

Pagkilos

Ang ating politikal na desisyon ay hindi lamang personal na pagpili kundi kolektibong pagkilos din para sa kabi-kabilang panawagan ng lahat ng marhinalisado tulad ng mga maralitang lungsod, kapatid na Lumad, magsasaka, miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+ at ng mas malawak na hanay ng masa.

Dagdag pa rito, malaking bahagi ang ginagampanan ng pagboto nating kabataan para sa mga lokal na komunidad kung saan tayo naninirahan. Gaya ng anumang proseso ng pambansang pag-unlad, nagsisimula ang ganitong hakbang sa maliliit na pamayanan sa pamamagitan ng pagpili ng mga lokal na lider. Sa hanay nating kabataan, kritikal ang paghalal sa kinatawan na magsusulong sa mga panawagan ng sektor na ating kinabibilangan, kabilang na ang usapin ng edukasyon.

Bawat boto natin ay pagtugon din sa patuloy na pagkalat ng maling impormasyon at lumalalang historikal na rebisyonismo na hayag lalo na sa social media dahil kasabay ng ating pakikilahok sa halalan ay ang pagpapalawig ng ating kaalaman sa wastong pagboto at paglaban sa anumang anyo ng pandaraya.

Habang hindi natin itinutulak na magkaroon ng monopolyo ng boses ang mga botante sa mga isyung kinahaharap natin bilang bansa, isang garantiya ang pagboto upang mapanagot natin ang lahat ng ating iniluklok sa puwesto. Responsabilidad natin ito bilang pagtiyak na matupad ang kanilang mga ipinangako at pagseguro na hindi nasasayang ang buwis ng ating mga kababayan.

Pagbalikwas

Sa gitna ng tumitinding pagsupil ng estado at ng mga galamay nito sa ating mga demokratikong karapatan, ang kolektibong pagboto nating kabataan ay siyang ating pagbalikwas at taas-kamaong pagtindig para sa isang lipunang malaya, may pagkakapantay-pantay at walang inhustisya.

Kung tayo ay boboto, patunay ito na sinasagkaan natin ang patuloy na pagtatangka ng estado na pigilan ang ating kalayaang magpahayag. Paalala ito sa kanilang mga nasa kapangyarihan na kailanman hindi tayo makalilimot—na hindi tayo nakalimot sa sinapit ni Kian delos Santos at ng mga katulad niyang biktima ng madugong Oplan Tokhang, na ilang libong kabataan ang ninakawan at patuloy na ninanakawan ng karapatang makapag-aral dahil sa palpak na tugon ng gobyerno sa pandemya, na araw-araw ay may kabataang binibigo ng rehimeng ito. Bawat boto natin ay pagbibigay ng lakas ng loob sa hanay ng kabataan na may magagawa tayo.

Ngunit hindi natatanging solusyon ang pagboto at hindi natatapos sa eleksiyon ang pagharap natin sa lahat ng suliranin ng ating lipunan. Ipinapaalala lamang nito sa atin na walang humpay tayong makialam, kumilos at lumaban. Maaari tayong lumahok sa iba't ibang adbokasiyang mula at tungo sa masa at paigtingin ang mga panawagan ng pambansang minorya.

Hindi man natin mahawakan ang lahat sa ngayon, kakatha tayo ng mas maayang mundo sa pamamagitan ng pag-ako nitong pagkakataong pumili at magpasiya. Hindi ngayon ang panahon ng pananahimik. Angkinin natin ang ating kolektibong boto dahil atin ang bukas.